



Your Extended Family.

## Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan | Impormasyon sa Online na Direktoryo ng Provider at Parmasya 2021

### Panimula

Kasama sa *Online na Direktoryo ng Provider at Parmasya* na ito ang impormasyon tungkol sa mga uri ng provider at parmasya sa Molina Dual Options at ang mga listahan ng mga provider at parmasya ng lahat ng plano sa petsa ng inyong paghahanap. Naglalaman ang mga resulta ng paghahanap ng address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng provider at parmasya pati na ang iba pang detalye gaya ng mga araw at oras ng operasyon, mga espesyalidad, at mga kakayahan. Ang mga pangunahing termino at ang kahulugan ng mga ito ay nasa alpabetikong pagkakaayos sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.

### Mga Disclaimer

- Ang Molina Dual Options Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) ay isang planong pangkalusugang nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga enrollee.
- Ang Molina Healthcare ay sumusunod sa naaangkop na mga batas ng Pederal sa mga karapatang sibil at hindi nagtatangi batay sa lahi, kulay, etnisidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, mental at pisikal na kapansanan, katayuan ng kalusugan, pagtanggap ng pangangalagang pangkalusugan, mga karanasan sa paghahabol, medikal na kasaysayan, impormasyong henetiko, katibayan ng kuwalipikasyong maiseguro, heograpikong lokasyon.
- Ipinapakita ng Online na Direktoryo ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan (gaya ng mga doktor, nurse practitioner, at psychologist), mga pasilidad (gaya ng mga ospital o klinika), at mga provider ng suporta (gaya ng mga provider ng Adult Day Health at Home Health) na maaari ninyong makita bilang miyembro ng Molina Dual Options. Inilista rin namin ang mga parmasyang maaari ninyong magamit para makuha ang inyong mga inireresetang gamot.
- Babanggitin namin ang mga grupong ito bilang “mga provider na nasa network” sa Direktoryong ito. Nakikipagkontrata ang mga provider na ito sa amin para makapagbigay sa inyo ng mga serbisyo. Ang online na direktoryo kung saan puwedeng maghanap ay naglalaman ng buong network ng mga provider ng Molina Dual Options para sa estado ng California. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.
- Kasama sa Direktoryong ito ang mga provider ng mga serbisyo ng parehong Medicare at Medi-Cal.
- ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-855-665-4627 de lunes a viernes, de 8:00 a. m. a 8:00 p. m. Los usuarios de TTY deben llamar al 711. La llamada es gratuita.

- 如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-855-665-4627（服務時間：週一至週五上午 8:00 至下午 8:00）。TTY 使用者應該致電 711。該電話免費。
- Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-855-665-4627, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 am hanggang 8:00 pm. Para sa mga gumagamit ng TTY, dapat tumawag sa 711. Libre ang tawag.
- Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-855-665-4627, Thứ Hai đến thứ Sáu từ 8:00 giờ sáng đến 8:00 giờ tối. Người dùng TTY cần gọi số 711. Cuộc gọi này miễn phí.
- 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-855-665-4627번으로 월요일 - 금요일, 오전 8시부터 오후 8시 사이에 전화해 주십시오. TTY 이용자는 711번으로 전화하십시오. 통화료는 무료입니다.
- Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-855-665-4627, понедельник – пятница, с 8:00 до 17:00. TTY для лиц с нарушениями слуха 711. Звонок бесплатный.
- Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական օգնությունները ծառայություններ: Չանվճարելի 1-855-665-4627 հեռախոսահամարով, երկուշաբթիից ուրբաթ, 8:00-ից` 20:00: TTY օգտվողները պետք է զանգահարեն 711: Չանվճարելի անվճար է:
- ប្រយ័ត្ន៖ បើសិនជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែរ, សេវាជំនួយផ្នែកភាសា ដោយមិនគិតថ្លៃ គឺអាចមានសំរាប់ប្រើអ្នក។ ចូរ ទូរស័ព្ទ 1-855-665-4627 នៅថ្ងៃច័ន្ទ ដល់ ថ្ងៃសុក្រ ចាប់ពីម៉ោង 8:00 ព្រឹក ដល់ 8:00 យប់។ អ្នកប្រើ TTY គួរហៅទូរស័ព្ទទៅលេខ 711។ ការហៅទូរស័ព្ទនេះគឺឥតគិតថ្លៃ។

- اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگ ان برای شما فراهم می باشد. با 1-855-665-4627 روزهای دوشنبه تا جمعه از 8 صبح تا 8 عصر ت ماس بگیرید. افرادی که دارای مشکل شنوایی هست ند با شماره 711 تماس بگیرند. برقراری تماس رایگان است.
- ملحوظة: إذا كنت تتحدث انكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 1-855-735-5604 (رقم هاتف الصم والبكم: 711) من الاثنين حتى الجمعة من 8:00 صباحًا حتى 8:00 مساءً كل يوم.

- Maaari ninyong makuha ang dokumentong ito nang libre sa ibang format, gaya ng malaking print, braille, o audio. Tumawag sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.
- Maaari ninyong hilingin na ipadala namin palagi sa inyo ang impormasyon sa wika o format na gusto ninyo. Tinatawag itong palagiang kahilingan. Susubaybayan namin ang inyong palagiang kahilingan, para hindi na ninyo kailanganing gumawa ng mga hiwalay na kahilingan sa bawat pagkakataong may ipapadala kaming impormasyon sa inyo. Para makuha ang dokumentong ito sa ibang format o sa ibang wika maliban sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw kada linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Kung gusto ninyong tumanggap ng mga dokumentong gaya nito sa ibang wika maliban sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa Estado sa (800) 541-5555, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., lokal na oras para ma-update ang inyong rekord sa gustong wika. Matutulungan kayo ng isang kinatawag gawin o baguhin ang palagiang kahilingan. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa inyong Tagakoordina sa Pangangalaga para sa tulong sa mga palagiang kahilingan.
- Updated ang listahan hanggang sa kasalukuyang petsa na ipinapakita sa ibaba ng page ng online na direktoryo kung saan puwedeng maghanap, pero kailangan ninyong tandaan ang mga sumusunod:
  - Maaaring may ilang provider na nasa network ng Molina Dual Options ang naidagdag o naalis sa aming network pagkatapos na mailathala ang Direktoryong ito.
  - Maaaring hindi na tumanggap ng mga bagong miyembro ang ilang provider ng Molina Dual Options na nasa aming network. Kung nagkakaproblema kayo sa paghahanap ng provider na tatanggap ng mga bagong miyembro, tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras at tutulungan namin kayo.
  - Para makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga provider ng Molina Dual Options na nasa network sa inyong lokasyon, bisitahin

ang [MolinaHealthcare.com/Duals](https://MolinaHealthcare.com/Duals) o tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.

Ang mga doktor at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa network ng Molina Dual Options ay nakalista sa mga page batay sa paghahanap ninyo ng Provider. Nakalista ang mga parmasya sa aming network sa mga page batay sa paghahanap ninyo ng Parmasya.

## Mga Provider

### Mga pangunahing termino

Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang mga pangunahing terminong makikita ninyo sa aming *Direktoryo ng Provider at Parmasya*.

- Ang mga **provider** ay mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at mga provider ng suporta na gaya ng mga doktor, nurse, pharmacist, therapist, at iba pang taong nagbibigay ng pangangalaga at mga serbisyo. Kabilang sa mga serbisyo ang medikal na pangangalaga, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports o LTSS), mga supply, mga inireresetang gamot, mga kagamitan at iba pang serbisyo.
  - Kasama rin sa terminong mga provider ang mga pasilidad na gaya ng mga ospital, klinika, at iba pang lugar na nagbibigay ng mga medikal na serbisyo, medikal na kagamitan, at pangmatagalang serbisyo at suporta.
  - Mga provider na nasa network ang tawag sa mga provider na bahagi ng network ng aming plano.
- Ang mga **provider** na nasa network ay mga provider na nakipagkontrata sa amin para makapagbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro na nasa aming plano. Sa pangkalahatan, direkta kaming sinisingil ng mga provider na nasa aming network para sa pangangalagang ibinibigay sa inyo. Kapag nagpatingin kayo sa provider na nasa network, kadalasan ay wala kayong babayaran para sa mga saklaw na serbisyo.
- Ang **Provider ng Pangunahing Pangangalaga** (Primary Care Provider o PCP) ay isang doktor, nurse practitioner, o iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa inyo ng karaniwang pangangalagang pangkalusugan. Itatabi ng inyong PCP ang inyong mga medikal na rekord at aalamin niya ang inyong mga pangangalagang pangkalusugan sa paglipas ng panahon. Bibigyan din kayo ng inyong PCP ng **referral** kung kailangan ninyong magpatingin sa isang espesyalista o iba pang provider.
- Ang mga **espesyalista** ay mga doktor na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa isang partikular na sakit o bahagi ng katawan. Maraming klase ng espesyalista. Narito ang ilang halimbawa:
  - Ang mga oncologist ay nangangalaga ng mga pasyenteng may kanser.
  - Ang mga cardiologist ay nangangalaga ng mga pasyenteng may mga kondisyon sa puso.
  - Ang mga orthopedist ay nangangalaga ng mga pasyenteng may mga kondisyon sa buto, kasu-kasuan, o kalamnan.
- Maaari kayong mangailangan ng **referral** para magpatingin sa isang espesyalista o sa isang tao na hindi ninyo PCP. Nangangahulugan ang isang **referral** na dapat kayong bigyan ng inyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ng pag-apruba bago kayo magpatingin sa isang taong hindi ninyo PCP. Kung hindi kayo makakakuha ng referral, maaaring hindi saklawin ng Molina Dual Options ang serbisyo.
  - Hindi nangangailangan ng referral mula sa inyong PCP na nasa network para sa mga sumusunod:
    - Pang-emergency na pangangalaga;
    - Pangangalagang agarang kinakailangan;
    - Mga serbisyo sa pag-dialysis ng bato na natatanggap ninyo mula sa isang pasilidad sa pag-dialysis na sertipikado ng Medicare kapag kayo ay nasa labas ng pinagseserbisyuhang lugar ng plano; o

- Mga serbisyo mula sa isang espesyalista ng kalusugan ng mga kababaihan.
  - Mga serbisyong hindi nakalista sa Listahan ng Paunang Awtorisasyon ng Molina Dual Options o nakalista bilang isang serbisyong hindi nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon.
- Bukod pa rito, kung karapat-dapat kayong tumanggap ng mga serbisyo mula sa mga Indian na provider ng kalusugan, maaari kayong magpatingin sa mga provider na ito nang walang referral. Dapat naming bayaran ang Indian na provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga serbisyong iyon kahit na nasa labas siya ng network ng aming plano.
- Available ang higit pang impormasyon sa Kabanata 3 ng *Handbook ng Miyembro*. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.
- May access din kayo sa isang Tagapamahala ng Kaso at isang pangkat ng pangangalaga kung saan tutulong kayo sa pagpili.
  - Tutulungan kayo ng Tagapamahala ng Kaso na pamahalaan ang inyong mga medikal na provider at serbisyo.
  - **Susuriin ng inyong Pangkat ng Pangangalaga**, na pinapamahalaan ng inyong Tagapamahala ng Kaso sa Molina Dual Options, ang inyong mga pangangailangan para malaman kung kailangan ninyo ng tulong sa iba pang aspeto maliban sa kalusugan, gaya ng mga pisikal at panlipunang pangangailangan. Binuo ang inyong Pangkat ng Pangangalaga batay sa inyong mga kagustuhan at kasama kayo sa paggawa ng mga desisyon. Nagtutulungan ang lahat ng nasa pangkat ng pangangalaga para matiyak na koordinado ang pangangalaga sa inyo. Ibig sabihin, titiyakin nilang isang beses lang isasagawa ang mga test at lab at ibabahagi ang mga resulta sa mga nararapat na provider. Nangangahulugan din ito na alam dapat ng inyong PCP ang lahat ng gamot na iniinom ninyo para mabawasan niya ang anumang negatibong epekto. Palaging hihingiin ng inyong PCP ang inyong pahintulot bago ibahagi ang inyong medikal na impormasyon sa iba pang provider. Bubuuin ng inyong Tagapamahala ng Kaso sa Molina Dual Options ang isang Plano sa Pangangalaga kasama kayo o ang isang itinalaga. Ililista ng Plano sa Pangangalaga ang lahat ng inyong pangangailangan, magtatakda ito ng mga layunin, at titingin ito ng mga paraan para masubaybayan kung natutugunan ba ang inyong mga pangangailangan.
  - Maaaring kasama sa inyong **Pangkat ng Pangangalaga** ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na tao:
    - Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider)
    - Mga Provider ng Espesyalidad na Pangangalaga
    - Mga Rehistradong Nurse (Registered Nurse o RN)
    - Tagapamahala ng Kaso sa Molina Dual Options
    - Kawani sa Pamamahala ng Paggamit o Utilization Management Staff
    - Medikal na Direktor sa Molina Dual Options
    - Mga Parmasista

## Pagpili ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider o PCP)

Maaari kayong kumuha ng mga serbisyo mula sa sinumang provider na nasa aming network at tumatanggap ng mga bagong miyembro.

Una, kailangan ninyong pumili ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga. Puwede ninyong gawing PCP ang isang espesyalista. Kabilang sa mga espesyalista ang: internal medicine, pediatrics, infectious disease, family practice, general practice, at OB/GYN. Pakitawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro para pumili ng PCP.

May mga kaanib na medikal na pangkat ang mga PCP ng aming plano. Sa pagpili ng inyong PCP, pinipili

rin ninyo ang kaanib na medikal na pangkat. Ibig sabihin, ire-refer kayo ng inyong PCP sa mga espesyalista at serbisyong kaanib din ng kanyang medikal na pangkat.

- Kung may partikular na espesyalista o ospital na gusto ninyong magamit, mahalagang malaman kung kaanib sila ng medikal na pangkat ng inyong PCP. Maaari kayong humanap sa direktoryong ito, o maaari ninyong hilingin sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Dual Options na alamin kung ang gusto ninyong PCP ay nagbibigay ng mga referral sa espesyalistang iyon o gumagamit ng ospital na iyon.
- Kung hindi kayo mananatili sa medikal na pangkat ng inyong PCP, maaaring hindi saklawin ng Molina Dual Options ang serbisyo.

Para pumili ng PCP, pumunta sa listahan ng mga provider na nasa page batay sa inyong mga resulta sa paghahanap at pumili ng provider na:

- ginagamit ninyo ngayon, o
- inirekomenda ng ibang pinagkakatiwalaan ninyo, o
- madali ninyong mapupuntahan ang mga opisina.
- Kung gusto ninyo ng tulong sa pagpili ng PCP, pakitawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. O bisitahin ang [MolinaHealthcare.com/Duals](http://MolinaHealthcare.com/Duals).
- Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa kung babayaran ba namin ang anumang medikal na serbisyo o pangangalagang gusto o kailangan ninyo, tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro at magtanong **bag**o ninyo kunin ang serbisyo o pangangalaga.

## Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (Long-term services and supports, LTSS)

Bilang isang miyembro ng Molina Dual Options, maaari kayong makatanggap ng pangmatagalang mga serbisyo at suporta (long-term services and support o LTSS), gaya ng mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay (In-Home Supportive Services o IHSS), pangangalaga sa nursing home, mga supply, mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community Based Adult Services o CBAS), at iba pang serbisyo sa pamamagitan ng mga Pangmaraming-layuning Serbisyo sa May-Edad (Multipurpose Senior Service Program o MSSP). Nakakatulong ang LTSS sa mga taong nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, pagbibihis, paghahanda ng pagkain, at pag-inom ng gamot. Karamihan sa mga serbisyong ito ay ibinibigay sa inyong bahay o sa inyong komunidad, ngunit maaaring ibigay sa isang nursing home o ospital.

Kabilang sa mga serbisyong ito ay ang mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community Based Adult Services o CBAS).

Ang CBAS ay isang pang-araw na programang pangkalusugan na nakabase sa komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa mas matatandang tao at nasa hustong gulang na may mga chronic na kundisyon at/o kapansanang medikal, kognitibo, o nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip na posibleng mangailangan ng pangangalaga ng institusyon.

Para mag-apply sa CBAS, mangyaring makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Kabilang sa iba pang pangmatagalang serbisyo at suportang ibinibigay ng Molina Dual Options ang mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay (In-Home Supportive Services o IHSS), mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community Based Adult Services o CBAS), mga Pangmaraming-layuning Serbisyo sa May-Edad (Multipurpose Senior Service Program o MSSP), pangangalaga mula sa lisensiyadong nurse (skilled nursing care), physical therapy, occupational therapy, speech therapy, mga medikal na panlipunang serbisyo, at pangangalagang pangkalusugan sa bahay. Para humanap ng mga

provider ng mga serbisyong ito, pumunta sa *page batay sa inyong mga resulta ng paghahanap* sa online na Direktoryong ito.

Makikita ang isang kumpletong listahan ng mga serbisyong ito sa Kabanata 4 ng inyong *Handbook ng Miyembro*.

Para sa karagdagang impormasyon sa pag-access sa mga serbisyo ng LTSS, mangyaring makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

## Paano tutukoy ng mga provider sa network ng Molina Dual Options

Dapat ninyong kunin ang lahat ng inyong saklaw na serbisyo mula sa mga provider na nasa aming network na kaanib ng medikal na pangkat ng inyong PCP. Kung pupunta kayo sa mga provider na wala sa network ng Molina Dual Options at hindi kaanib ng medikal na pangkat ng inyong PCP (nang walang paunang awtorisasyon o pahintulot mula sa amin), kayo ang magbabayad ng bill.

“Ang **paunang awtorisasyon** ay isang pag-apruba mula sa Molina Dual Options bago ka makakuha ng partikular na serbisyo o gamot o bago ka magpatingin sa isang provider na wala sa network. Maaaring hindi saklawin ng Molina Dual Options ang serbisyo o gamot kung hindi kayo makakakuha ng pag-apruba.”

Ang mga eksepsiyon sa panuntunang ito ay kapag nangangailangan kayo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o dialysis at hindi kayo makakuha ng provider sa plano, gaya ng kapag malayo kayo sa inyong bahay. Hindi nagbibigay ng saklaw ang Medicare at Medicaid para sa pang-emergency na medikal na pangangalaga sa labas ng Estados Unidos at sa mga teritoryo nito maliban na lang sa mga limitadong pagkakataon. Makipag-ugnayan sa plano para sa mga detalye. Maaari din kayong lumabas sa plano o sa medikal na pangkat ng inyong PCP kung papayagan muna kayo ng Molina Dual Options.

Maaaring kailangan ninyo ng referral na magpatingin sa isang tao na hindi isang Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider). May higit pang impormasyon tungkol sa mga referral sa ilalim ng seksyong mga Pangunahing termino nitong Impormasyon sa Direktoryo ng Provider at Parmasya.

- Maaari kayong lumipat sa provider na nasa network anumang oras sa loob ng taon. Kung pumupunta na kayo sa isang provider na nasa network, hindi ibig sabihin na sa parehong provider lang kayo maaaring pumunta. Maaari ninyong palitan ang inyong PCP anumang oras. Kadalasan, malalapat ang mga pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan ng kalendaryo. Maaaring magkaroon ng mga pagbubukod kung kasalukuyan kayong tumatanggap ng paggamot nang hilingin ninyong palitan ang inyong PCP. Maaari ninyong palitan ang inyong PCP sa pamamagitan ng inyong personal na website sa [MyMolina.com](http://MyMolina.com) o maaari kayong makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon tungkol sa alinman sa aming mga provider sa Molina Dual Options at humiling na palitan ang inyong PCP. Para sa ilang provider, maaaring kailangan ninyo ng referral mula sa inyong PCP (maliban para sa mga pang-emergency na serbisyo at mga serbisyo para sa agarang pangangalaga sa labas ng sineserbisyuhang lugar).
- Tandaan, may mga kaanib na medikal na pangkat ang mga PCP ng aming plano. Kung papalitan ninyo ang inyong PCP, maaaring mapalitan din ang inyong medikal na grupo. Kapag hiniling ninyo ang pagbabago, tiyaking sabihan ang mga Serbisyo sa Miyembro kung magpapatingin kayo sa isang espesyalista o nakakatanggap kayo ng iba pang sinasaklaw na serbisyong nangangailangan ng pag-apruba ng PCP. Tutulong ang mga Serbisyo sa Miyembro na tiyaking maaari ninyong ituloy ang inyong espesyal na pangangalaga at iba pang serbisyo kapag nagpalit kayo ng PCP.

- Nakikipagtulungan ang Molina Dual Options sa lahat ng provider na nasa aming network para matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan. Kung naaangkop, ang listahan ng mga provider na nasa network na nasa Direktoryong ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga akomodasyong ibinibigay nila.
- Kung kailangan ninyong magpatingin sa isang provider at hindi kayo nakakatiyak kung natutugunan nila ang mga akomodasyong kailangan ninyo, matutulungan kayo ng Molina Dual Options. Makipag-usap sa inyong Tagapamahala ng Kaso para sa tulong o tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

## Paano maghahanap ng mga provider ng Molina Dual Options sa inyong lugar

Para matutunan kung paano humanap ng mga provider, sumangguni sa link na “Tulong” na makikita sa itaas na bahagi ng page ng online na direktoryo kung saan puwedeng maghanap.

Kung may mga tanong kayo tungkol sa Molina Dual Options, pakitawagan ang mga Serbisyo ng Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

## Mga provider na nasa network

Ang Online na Direktoryong ito ng mga provider ng Molina Dual Options na nasa network ay naglalaman ng mga sumusunod:

- **Mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan** kabilang ang mga doktor ng pangunahing pangangalaga (primary care physician) at mga espesyalista
- **Mga pasilidad kabilang ang mga ospital**, nursing facility, skilled nursing facility, at mga pasilidad para sa kalusugan sa pag-iisip
- **Mga provider ng suporta** kabilang ang mga adult day service, assisted living, consumer-directed service, pagkaing inihahatid sa bahay, at home health agency

Nakalista ang mga provider ayon sa alpabetikong pagkakasunud-sunod ng apelyido. Bukod pa sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kasama rin sa mga listahan ng provider ang mga espesyalidad at kakayahan, halimbawa, gaya ng mga ginagamit na wika o pagkumpleto sa pagsasanay para sa kaalamang kultural.

*“Ang pagsasanay para sa kaalamang kultural ay karagdagang tagubilin para sa aming mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na nakakatulong sa kanilang mas maunawaan ang inyong pinagmulan, mga pinahalagahan, at mga pinaniniwalaan para maiangkop nila ang mga serbisyo sa inyong mga pangangailangang panlipunan, pangkultura, at hinggil sa wika.”*

## Mga parmasyang nasa network

Ang mga parmasyang nasa network ng Molina Dual Options ay mga parmasyang pumayag na magbigay ng mga inireresetang gamot sa inyo bilang miyembro ng plano. Maaari din kayong humanap ng mga parmasyang nasa aming network pero nasa labas ng aming pinagseserbisyuhang lugar na: Los Angeles, Riverside, San Bernardino, at San Diego kung saan kayo nakatira. Maaari din ninyong punuan ang inyong mga reseta sa mga parmasyang ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras, para sa karagdagang impormasyon.

- Dapat gamitin ng mga miyembro ng Molina Dual Options ang mga parmasyang nasa network para kumuha ng mga inireresetang gamot.
  - Dapat kayong gumamit ng mga parmasyang nasa network maliban na lang kung nasa mga emergency na sitwasyon o sitwasyon ng agarang pangangalaga.
  - Kung pupunta kayo sa isang parmasyang wala sa network para sa mga reseta kapag hindi naman emergency, kakailanganin ninyong magbayad mula sa sariling bulsa. Basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Molina Dual Options para sa higit pang impormasyon.
- Maaaring hindi nakalista sa Direktoryong ito ang ilang parmasyang nasa network.
  - Maaaring may ilang parmasyang nasa network ang naidagdag o naalis sa aming plano pagkatapos mailathala ang Direktoryong ito.

Para sa updated na impormasyon tungkol sa mga parmasyang nasa network ng Molina Dual Options sa inyong lugar, pakibisita ang aming web site sa [MolinaHealthcare.com/Duals](http://MolinaHealthcare.com/Duals) o tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.

Para makakuha ng kumpletong paglalarawan ng inyong saklaw sa reseta, kabilang kung paano pupunan ang inyong mga reseta, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro at Listahan ng mga Saklaw na Gamot* ng Molina Dual Options. Makikita ang Listahan ng mga Saklaw na Gamot sa [MolinaHealthcare.com/Duals](http://MolinaHealthcare.com/Duals).

## Paano tutukoy ng mga parmasya sa network ng Molina Dual Options

Kasama ang mga retail na parmasya, kabilang sa network ng mga parmasya ng inyong plano ang mga sumusunod:

- Nagpapadala ang mga mail-order na parmasya ng mga inireresetang gamot sa mga miyembro sa pamamagitan ng koreo o mga kumpanya ng pagpapadala.
- Inihahanda ng mga parmasya ng infusion sa bahay ang mga inireresetang gamot na ibinibigay ng isang may kasanayang provider sa inyong bahay sa pamamagitan ng ugat, kalamnan, o iba pang paraan maliban sa pag-inom.
- Ang mga parmasya para sa pangmatagalang pangangalaga (long-term care o LTC) ay nagbibigay ng serbisyo sa mga residente ng mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga, gaya ng mga nursing home.
- Mga parmasya para sa Indian Health Service / Tribal / Urban Indian Health Program (I/T/U)

Hindi kailangang sa iisang parmasya lang kayo pumunta para punuan ang inyong mga reseta.

## Mga pangmatagalang supply ng mga reseta

- **Mga Mail-Order na Programa.** Nag-aalok kami ng mail-order na programa na nagbibigay-daan sa inyong makakuha ng hanggang sa 90 araw na supply ng inyong mga inireresetang gamot na direktang ipapadala sa inyong bahay. Ang 90 araw na supply ay may copay na katulad ng isang buwang supply.
- **90 Araw na mga Programa ng Retail na Parmasya.** Maaari ding mag-alok ang ilang retail na parmasya ng hanggang 90 araw na supply ng mga saklaw na inireresetang gamot. Ang 90 araw na supply ay may copay na katulad ng isang buwang supply.

## Mail-order na parmasya

Maaari ninyong ipahatid sa inyong bahay ang inyong mga inireresetang gamot sa pamamagitan ng programa ng aming network sa paghahatid ng mail order na tinatawag na CVS Caremark Mail Service



Pharmacy Program. Makikipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng telepono ang parmasya para humingi ng pag-apruba bago maghatid ng anumang reseta. Kung hindi namin kayo makontak para hingiin ang inyong pag-apruba, hindi ipapadala sa inyo ang inyong reseta.

Kadalasan, matatanggap ninyo ang inyong inireresetang gamot sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ng mail order na parmasya ang order. Kung hindi ninyo matatanggap ang inyong (mga) inireresetang gamot sa loob ng panahong ito, kung gusto ninyong magkansela ng awtomatikong order, o kung kailangan ninyong humingi ng refund para sa mga resetang nakuha ninyo pero hindi ninyo gusto o kailangan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa (866) 270-3735, TTY 711, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para matuto pa tungkol sa mga mail order na parmasya, tingnan ang Kabanata 5 ng Handbook ng Miyembro.

## **Mga parmasya para sa infusion sa bahay**

Maaari kayong makatanggap ng infusion therapy sa bahay kung naaprubahan ng Molina Dual Options ang inyong reseta at kung kukunin ninyo ang inyong reseta mula sa isang awtorisadong nagreseta.

Ang mga Parmasya para sa Infusion sa Bahay ay nagbibigay ng serbisyo sa lahat ng county sa pinagseserbisyuhang lugar ng Molina Dual Options. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at parmasya para sa infusion sa bahay, makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY 711, Lunes - Biyernes 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

## **Mga parmasya sa pangmatagalang pangangalaga**

Maa-access ng mga residente ng pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga, gaya ng nursing home, ang kanilang mga inireresetang gamot sa pamamagitan ng parmasya ng pasilidad o ibang parmasyang nasa network. Para matuto pa tungkol sa saklaw ng gamot sa mga espesyal na kaso, tingnan ang Kabanata 5 ng *Handbook ng Miyembro*. Ang mga Parmasya sa Pangmatagalang Pangangalaga ay nagbibigay ng serbisyo sa lahat ng county sa pinagseserbisyuhang lugar ng Molina Dual Options.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at parmasya para sa Pangmatagalang Pangangalaga, makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

## **Mga parmasya para sa Indian Health Service / Tribal / Urban Indian Health Program (I/T/U)**

Mga Native American at Alaska Native lang ang may access sa mga Parmasya Para sa Indian Health Service / Tribal / Urban Indian Health Program (I/T/U) sa pamamagitan ng network ng parmasya ng Molina Dual Options. Ang mga hindi Native American at Alaskan Native ay maaaring pumunta sa mga parmasyang ito sa ilalim ng limitadong pagkakataon (hal., mga emergency).

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

## **Paano maghahanap ng parmasya ng Molina Dual Options sa inyong lugar**

Maaari ninyong kunin ang inyong mga saklaw na gamot sa alinman sa aming mga parmasyang nasa network. Kabilang dito ang aming mga parmasyang nasa network na nasa labas ng aming pinagseserbisyuhang lugar. Para humanap ng isang uri ng parmasya na nasa aming network, pumunta sa [MolinaHealthcare.com/ProviderSearch](https://MolinaHealthcare.com/ProviderSearch) at mag-click sa “Humanap ng Parmasya”. Pagkatapos, piliin

ang inyong estado at plano ng saklaw. May lalabas na notification na pop up na magsasabi sa inyo na dadalhin kayo ng link palabas ng [MolinaHealthcare.com/Duals](https://MolinaHealthcare.com/Duals). I-click ang “OK” para mapunta sa susunod na page na magbibigay-daan sa inyong kumpletuhin ang paghahanap ninyo ng parmasya. Pagkatapos, ilagay ang ZIP code o lungsod at estado. Mas madedetalye pa ninyo ang inyong paghahanap sa pamamagitan ng pagtukoy sa pangalan at uri ng parmasya. Available sa aming network ang lahat ng parmasyang ipinapakita sa online na direktoryo kung saan puwedeng maghanap.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa anumang nasa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro o bisitahin ang [MolinaHealthcare.com/Duals](https://MolinaHealthcare.com/Duals).

H8677\_21\_15104\_76\_CAMMPPODInfo tl  
undefined